

NIZ Balitaan

Opisyal na tagapamansag ng Philippine Carabao Center para sa National Impact Zone

ISSN 2345-8194

Science City of Muñoz, Nueva Ecija

Tomo 5 Blg. 3 • Mayo-Hunyo 2017

Kinabukasa'y luminaw dahil sa gatasang kalabaw

Ni Ma. Cecilia C. Irang

Walang tiyak na mapagkukunan ng pera, madalas na nangungutang, at laging hindi sumasapat ang kinikita mula sa kanilang kalahating ektaryang bukid na sinasaka.

Ganito ang kalagayan sa buhay noon ng mag-asawang Emilia, 54, at Juanito Dumale, 56, ng barangay Licaong Science City of Muñoz, Nueva Ecija. Hanggang sa magkaroon sila ng mga gatasang kalabaw na nagpabago sa kanilang kapalaran.

Pati na ang sa kanilang dalawang anak.

Mula elementarya hanggang sa sekundarya, magkasabay na nag-aaral ang dalawa – sina Jaycelyn at Jerome. Dala ng kahirapan, hirap na maiusad nila ang pagsuporta sa pag-aaral ng mga ito. Dumating pa sa puntong naisip nilang isangla ang kanilang bukid para lang huwag mahinto sa pag-aaral ang dalawa.

“Isangla ko na nga sana ‘yong munting bukid namin. Pero sa halip, ibinenta ko na lang ‘yong alagang baka ko noon,” ani Juanito.

Hanggang sa mapahiraman siya
(Sundan sa p.2)



Ang pamilya Dumale kasama ang isa sa kanilang mga alagang gatasang kalabaw.

Programang ‘May Gataska, Bata!’, inilunsad sa mga bayan ng Talavera at Llanera

Ni Micko Roa Dela Cruz



Simula nang pasukan sa eskuwelahan noong Hunyo 5, 500 mga bata sa mga bayan ng Talavera at Llanera sa Nueva Ecija ang pinagkakalooban ng libreng produkto ng gatas na mainom.

Ito'y sa ilalim ng Milk feeding Program na pinopondohan ng Philippine Charity Sweepstakes Office (PCSO) at tinutuwangan ng National Dairy Authority (NDA) at ang mga

(Sundan sa p.3)

Mga dapat malaman upang maiwasan ang bloat o kabag sa kalabaw

Ni Clarissa A. Odsique

T: Ano ang bloat?

S: Ang *bloat* o kabag ay isa sa mga pangunahing sakit o *disorder* na nakaka-apekto sa mga *ruminants*, kagaya ng kalabaw, baka, kambing at tupa. Ito ay ang biglaang paglaki ng kaliwang bahagi ng tiyan kung saan matatagpuan ang *rumen* o pala-busugan, sanhi ng naipon na hangin na hindi kaagad nailabas sa katawan ng hayop. Ang sakit na ito, kung hindi maaagapan o malulunasan, ay maaaring magdulot ng biglaang pagkamatay ng hayop.

T: Bakit ito nararanasan?

S: Ang *bloat* ay kadalasang nararanasan ng mga kalabaw sa mga sumusunod na dahilan:

- Pagkain ng basa o bagong-sibol na damo pagkaraan ng pag-ulan
- Pagkain ng hindi wastong porsyento ng legumbre (ipil-ipil, kakawate, atbp.) at *concentrates* (mais, darak, atbp.) sa *diet* o rasyon ng pagkain,
- Pagkain ng hindi wastong porsyento ng *urea* sa rasyon

(Sundan sa p.2)

Kinabukasa'y luminaw... (mula sa p.1)



Nakaugalian na ng pamilya Dumale ang pag-inom ng isang basong gatas ng kalabaw na ayon sa kanila ay nakapagpapalakas ng resistensiya.

ng gatasang kalabaw ng Philippine Carabao Center (PCC). Pilit lang ang pagtanggap niya sa ipinahiram na kalabaw.

Nagbagong palagay

“Noong una, wala talaga akong interes diyan sa pag-aalaga ng kalabaw dahil alam kong mahirap mag-alaga niyon. Hindi bukal sa loob ko ang ginawa kong pagtanggap sa ipinahiram na kalabaw,” ani Juanito na noo’y isa nang miyembro ng Licaong Dairy Producers Cooperative.

Tutul din noong una ang kanyang asawang si Emilia. Lalo pa nga’t ang inaasahang maibibigay nitong kita ay hindi agad natupad. Hindi kasi agad na nagbuntis at nanganak ang naipahiram na kalabaw.

Nangyari naman na kupkupin si Jaycelyn ng kapatid ni Emilia sa Cavite at nakapagtapos ng kursong *Electronics Engineering*. Nakapagtrabaho pa nga ito ng isang taon pero hindi siya gasinong tumagal sa gawain.

Umuwi sa kanila si Jaycelyn at nagsabing kukuha muli siya ng ibang kurso kapag sila’y nakaluwag-luwag na.

Noon nama’y nakapanganak na ang naipahiram na kalabaw kay Juanito at nagsimula na rin silang mag-asawang kumita sa naaning gatas. Bukod doon, tinanggap na rin niya ang iba pang kalabaw na hindi nakayang alagaan ng ka-miyembro niya sa kooperatiba.

Taong 2014, sabay-sabay na nagbigay ng saganang gatas ang lima niyang kalabaw. Umaani siya noon ng mahigit 30 litro sa isang araw na naibebenta niya sa halagang Php55 bawāt litro sa DVF. Nasubukan pa niyang kumita ng Php30,000 sa loob lang ng dalawang linggo.

Bunga nito, nakapagpatuloy ng pag-aaral sa napusuan niyang kurso si Jaycelyn. Nang taong 2016,

nagtapos ito sa kursong *Bachelor of Science in Business Administration* sa Central Luzon State University (CLSU). Ngayon, isa na siyang *supervisor* sa isang kumpanya ng motorsiklo.

Kapalaran ng isa pa

Nakasumpong din ng magandang kapalaran si Jerome, kung pagtatapos ng isang kurso sa kolehiyo ang pag-uusapan. Siya’y nagtapos sa kurso niyang *Animal Science* sa CLSU.

Pero isinuong din niya ang sarili sa pag-aalaga ng mga kalabaw kahit habang nag-aaral. Bago mag-alas kuwatro ng umaga ay tumutulong na siya sa ama sa pagpapaligo, pagpapakain, at sa paggagatas ng mga alagang hayop. Kapag wala ang kanyang ama, halimbawa’y may dinadaluhang pagsasanay o pagpupulong, siya na ang lubusang nangangasiwa sa kanilang mga alaga.

“Sa PCC sa CLSU ako nag *on-the-job training* noon. Pag-aalaga at paggagatas din ang naging pagsasanay ko. Nagpapaalam agad ako sa *farm manager* namin para makauwi at matulungan ko naman si Tatay sa paggagatas ng mga kalabaw namin. Bumabalik naman agad ako sa CLSU para ituloy ang mga gawain sa aking pagsasanay,” salaysay ni Jerome.

Aminado naman si Jerome na noong una ay hindi bukal sa loob niya ang pagtulog sa kanyang ama sa pag-aalaga ng kanilang gatasang kalabaw. Pero nang masaksihan niya ang hatid na pakinabang at kita mula sa mga ito, ginanahan at nagkusa na rin siyang tumulong sa kanilang pampamilyang hanap-buhay.

“Sabi ko nga sa Tatay ko, kapag nagkatrabaho na ako, kukuha na lang kami ng taga-alaga at siya ay magsu-*supervise* na lang. ‘Yong hindi pa nararanasang masarap na

buhay ng mga magulang ko, ‘yon ang gusto kong iparanas sa kanila kaya magsisikap ako,” ani Jerome.

Kasalukuyang naghahanda si Jerome sa pagkuha niya ng *licensure examination*. Buo naman ang kanyang pag-asa na mahahakdawan niya ito. Umaaplay na rin siya na makapagtrabaho sa ibang bansa na ang gamit na kapital ay ang kasanayan niya sa tinapos na kurso.

“Nagpapasalamat ako, unang-una sa Panginoon at sa nasumpungang kapalaran sa pag-aalaga ng gatasang kalabaw ng aking mga magulang. Kung hindi sa mga gatasang kalabaw, malamang na hindi kami makapagtatapos ng pag-aaral sa kolehiyo ng aking kapatid,” sabi ni Jerome.

Pasalamat

Sa kasalukuyan ay 12 na ang mga

inaalagaang kalabaw ni Juanito. Tatlo sa mga ito ang ginagatasan at dalawa ang kasalukuyang buntis. Siya ngayon ang tumatayong *chairman* ng kanilang kooperatiba.

Nakapagpundar na siya ng *multicab*, motor ng tubig para sa pagpapaligo ng kanyang alaga, at unti-unti na rin niyang ipinaayos ang kanilang bahay at kulungan ng mga kalabaw.

Hindi maikakaila na siya at ang kanyang maybahay na si Emilia, ay may nag-iisang nag-uumpaw na damdamin para sa kanilang nabagong kapalaran at kapalaran ng mga anak – ito ay ang lubos nilang pasasalamat sa kanilang nasumpungang gawain sa pag-aalaga ng mga gatasang kalabaw na itinuturing na rin nilang isang malaking biyaya.

Mga dapat malaman... (mula sa p.1)

- Pagkakabara sa daluyan ng pagkain na maaaring dulot ng pagkakasakal o pagkakaroon ng “foreign body”
- Matagal na pagkakahiga ng hayop
- Iba pang mga sakit ng hayop

T: Bakit nagkakaroon ng bloat?

S: Ang mga nasabing dahilan sa itaas (maliban sa tatlong huling nabanggit) ay maaaring magdulot ng pagkakaroon ng tinatawag na *frothy bloat*. Ang mga nabanggit na halaman ay naglalaman ng mataas na *nitrogen*. Ang *nitrogen* na ito ay ginagamit ng mga mikrobyo sa loob ng tiyan ng hayop upang gawing protina, at ang *by-product* nito na hangin, sa prosesong tinatawag na *fermentation*. Ang higit na produksyon ng hangin ay nakukulong sa mga bula o *froth*, kaya naman hirap itong mailabas ng hayop.

Ang iba pang mga nabanggit na sanhi ay nagdulot naman ng tinatawag na *free-gas bloat*. Ito naman ay ang mga kundisyon kung saan hindi nailalabas ng maayos ang hangin dahil napipigilan ang *belching* o pagdighay.

T: Ano ang mga dapat obserbahan sa bloat?

S: Ilan naman sa mga senyales nang pagkakaroon ng *bloat* ng hayop ay

ang paglaki ng palabusugan, hindi mapakali o pagkabalisa ng hayop, hirap na paghinga at biglaang pagbagsak o paghiga ng hayop.

T: Ano ang mga dapat gawin?

S: Dahil ang *bloat* ay maituturing na “emergency case”, ilan sa mga pang-unang lunas na dapat gawin ay ang mga sumusunod:

- Pagpapainom ng mantika sa hayop
- Pagpapalakad upang madighay
- Pagtusok ng palabusugan gamit ang *trocar* at *cannula*, o ano mang kahalintulad nito gaya ng antena ng t.v., basyo ng *ballpen*, atbp. (Paalala, ito ay ang huli o *last resort* na maaaring gawin sa hayop. Ito ay dapat gawin lamang ng isang may kakayahan o ng isang beterinaryo.)

T: Paano ito maiiwasan?

S: Sundin ang mga sumusunod:

- Magbigay ng tamang rasyon ng legumbre at *concentrates*
- Tiyakin din ang dami ng *urea* sa rasyon
- Patuyuin ang damo na ibibigay o lagyan ng dayami para hindi masyadong maging basa ang damo
- Iwasan din ang pagsusuga ng kalabaw matapos ang pag-ulan

Mga ahente ng gatas ng kalabaw, sinanay ukol sa pagtiyak sa kalidad ng produktong kanilang inaangkat at ibinebenta

Ni Ma. Cecilia C. Irang



Ang mga kalahok habang tinuturuan sa kaukulang pagsusuri at pagtaya sa kalidad ng gatas sa pamamagitan ng organoleptic tests at iba pang paraan ng pagsusuri.

Kasanayan sa kaukulang pagsusuri at pagtaya sa kalidad ng gatas para sa kapakanan ng mga mamimili.

Ito ang tinamo ng mga ahente ng gatas sa *consultative meeting* na ginanap noong Hunyo 9 sa Philippine Carabao Center National Headquarters and Gene Pool, Science City of Muñoz, Nueva Ecija.

Nilayon ng pagpupulong na gawing malaking bahagi ng gawain, at maging isang pananagutan na rin, ng mga ahente ng gatas ng kalabaw sa buong Nueva Ecija ang pagtiyak sa kahusayan ng kalidad ng mga inaangkat nilang produkto at ipinagbibili sa merkado. Ito’y upang matiyak lalung-lalo na ang kaligtasan ukol sa kalusugan ng iinom o gagamit nito bilang pagkain.

Labing-tatlo ang dumalo sa pagsasanggunian-pagsasanay na isinagawa. Ayon kay Wilma del Rosario, *Senior Science Research Specialist* ng PCC, gagawing minsan sa tatlong buwan (*quarterly*) ang

ganitong *consultative meeting*.

Isang paraan ang pagsasanggunian-pagsasanay, aniya, para mas lalong masuportahan ang *food safety act* at bilang hakbangin na rin sa pagkakaroon ng kahandaan kapag ipatutupad na ang iminumungkahing *Philippine National Standards for Hygienic Milk* ng gobyerno.

“Ang mga taong katulad nila na nasa larangan ng industriya ng paggagatasan ay malaki rin ang papel na ginagampanan upang mapalaki pa at mapasigla ang bilihan at merkado ng gatas ng kalabaw,” ani del Rosario.

Bahagi ng *consultative meeting* ang mga diskusyon ukol sa “Assessment of Milking and Handling Practices along the Milk Value Chain in Nueva Ecija Cum Food Safety Act of 2013” na tinalakay ni Mina Abella, *supervising science research specialist*, at “Milk Quality Evaluation and Standards” na ipinaliwanag naman ni Frederick Bacani, *science research assistant*.

Ang mga lumahok sa

pagsasanggunian-pagsasanay ay mula sa mga lunsod ng Palayan at Cabanatuan, at mga bayan ng Talavera, Quezon, at Aliaga. Sila ay bumibili ng gatas ng kalabaw mula sa mga magsasakang-maggagatas na kanila namang isinusuplay sa iba’t ibang mga pribadong taga-proseso ng gatas sa Talavera at Cabiao, Nueva Ecija; Bulacan; Pampanga; at Tarlac.

Pinasubukan din sa mga kalahok ang aktwal na pagsusuri ng kalidad ng gatas sa pamamagitan ng *organoleptic tests* at iba pang paraan ng pagsusuri sa patnubay ni Daisy Flores, *science research assistant*.

Tumanggap sa pagkatapos ng *consultative meeting* ang mga kalahok ng tig-isang *milk testing kit* na naglalaman ng isang *lactometer*, *graduated cylinder* (250 ml cap), 10 pirasong *conical tube* (15 ml cap), isang set ng *conversion table*, isang bote ng 60% *ethanol* (500 ml), isang piraso ng *pipette* (10 ml), isang *logbook*, at isang bote ng 70% *ethyl alcohol*.

Programang...

(mula sa p.1)



Si chairman Gerardo delos Santos ng NEFEDCCO habang nagbibigay ng kanyang mensahe para sa programa.

lokal na pamahalaan ng Llanera at Talavera.

Tatagal ng 120 araw ang libheng pagpapainom ng gatas sa mga batang benepisyaryo ng programa.

Ang libheng pagpapainom ng gatas sa mga tinukoy na mga bata ay alinsunod sa pagnanais ni Kalihim Emmanuel Piñol ng Kagawaran ng Pagsasaka. Ito’y batay na rin sa hangarin niyang patuloy na isagawa at palawakin ang milk feeding program sa bansa upang makatulong sa kabutihang pangkalusugan ng mga benepisyaryo.

Ang mga batang piniling maging benepisyaryo sa ilalim ng proyektong ito ay nasa edad na dalawa hanggang anim na taon na may mababang timbang.

Ang ipinagkakaloob araw-araw na libheng inumin sa kanila ay choco milk na may daming 200 miligramo bawat pakete.

Ang suplay ng produkto ay inaangkat sa Nueva Ecija Federation of Dairy Carabao Cooperatives (NEFEDCCO) sa San Ricardo, Talavera.

Sa magkahiwalay na paglulunsad ng proyektong ito, nagsidalo sa isang programa ang mga magulang ng mga batang pinili para maging benepisyaryo at tinalakay sa kanila ang tungkol sa kabutihang pangkalusugan ng produktong mula sa gatas kalabaw na ipaiinom sa kani-kanilang anak.

Dumalo rin sa programa sa paglulunsad ng proyekto sa kanilang bayan ang mga kinauukulang opisyal ng bayan at iba pa na lubos namang nasiyahan sa magandang tunguhin ng proyektong ito.

Husay ng kalabaw sa pagbibigay ng gatas, kayang tuklasin sa dalawang beses sa isang araw na paggagatas

Ni Mervalyn O. Tomas



Si Melchor Correa, chairman ng Eastern Primary Multi-Purpose Cooperative, habang ginagatasan ang kanyang kalabaw.

Maaari pang mapaghusay ng mga magsasakang-maggagatas ang produksyon ng gatas ng kanilang kalabaw kapag sinubukan at itinuluy-tuloy nila ang dalawang beses na paggagatas sa isang araw, ayon kay Mario M. Delizo, *Project Development Officer II* ng *Philippine Carabao Center*.

“Ang dami ng gatas na kayang ibigay ng kalabaw ay hindi kaagad makikita sa unang subok ng paggagatas nang dalawang beses. Kailangan itong ituluy-tuloy,” paliwanag ni Delizo.

Maaaring madagdagan ang dating ani ng 30 hanggang 50 porsiyento kapag sinubukan ng mga magsasakang-maggagatas na gumatas nang dalawang beses, dagdag ni Delizo.

Benepisyo

Dalawang taon nang naggagatas nang dalawang beses sa isang araw si Melchor Correa, Chairman ng

Eastern Primary Multi-purpose Cooperative (EPMPC), at ayon sa kanya, maraming hamon ang paggagatas ng dalawang beses nguni’t mas maraming benepisyo ang dulot nito.

Sa limang kalabaw na ginagatasan ni Ka Melchor, nakaaani siya ng 35-38 litro sa umaga. Nadadagdagan ito ng 11-13 litro kapag naggagatas siya sa hapon.

“Totoong dagdag trabaho ang paggagatas ng dalawang beses nguni’t mas malaki ang aking kinikita kumpara sa naidagdag na trabaho. Kung kukuwentahin, sobra pa sa panggastos para sa kalabaw at pang-upa sa mga trabahador ang aking kinikita. Parang neto ko na ang gatas na nakukuha ko sa hapon,” kuwento niya.

Ayon kay Delizo, mas maganda ang dalawang beses na paggagatas dahil para rin silang may dagdag na kalabaw na ginagatasan.

Paliwanag niya, kapag may apat na ginagatasan ang mga magsasaka, at ang mga ito ay nagbibigay ng tigtatlong litro, kapag ginatasan nila ito sa hapon at nakapagbigay ng walong litro, maikukumpara ito sa pag-alaga ng dagdag na tatlong kalabaw.

“Parehong dami lang ng kalabaw ang inaalagaan nila pero ang produksyon ay parang may dagdag silang inaalagaan at hindi pa sila nahirapang mag-alaga ng maraming kalabaw,” paliwanag niya.

Paglampas sa mga hamon

Kuwento ni Ka Melchor, naging mahirap ang unang linggo niyang pagsubok ng dalawang beses na paggagatas dahil pareho lang ang dami ng gatas na ibinibigay ng kanyang mga kalabaw kumpara kapag isang beses siyang naggagatas ngunit naunawaan niyang parang “namamahay” lang ang kalabaw sa una.

“Hindi pa kasi sanay ang mga kalabaw pero unti-unting dumami ang gatas na ibinibigay nila habang tumatagal. Pagkatapos ng isang buwan, nakapagbigay na ang mga ito ng halos doble sa dati kong inaani,” kuwento niya.

Ayon naman kay Delizo, kapag nasanay ang mga kalabaw, magiging regular na ang pagbibigay nila ng mas maraming gatas.

Pagdagdag ng pakain

Ang agam-agam lang ng ibang magsasakang-maggagatas ay ang pagpayat ng inahin at ng bulo dahil mababawasan ito ng gatas na iinumun, ayon kay Delizo.

“Kapag ginagatasan sa umaga at hapon at pumapayat ang kalabaw, ibig sabihin, kailangang tingnan ang *nutritional requirement* nito. Ang kailangan ng mga gatasang

kalabaw ay isang kilo ng *concentrates* sa bawat dalawa o tatlong litrong gatas na ibinibigay nito. Kaya kapag nagbibigay ito ng anim na litrong gatas kada araw, bigyan ito ng tatlong kilong *concentrates*,” payo niya.

Payo pa niya sa mga may agam-agam na baka pumayat ang mga bulo, magbigay ng *milk replacer* sa mga ito. Kapag kumakain na ang mga ito, bigyan na ng *starter feeds*.

Ayon kay Delizo, pwede pang *i-challenge* ang mga kalabaw upang makita kung hanggang ilang litro ang kaya nitong ibigay sa isang araw.

“Halimbawa, kapag nakapagbibigay ng anim na litro ang iyong kalabaw, bigyan ulit ito ng dagdag isang kilong *concentrates*. Kapag nagbigay ito ng pito o walong litro, ibig sabihin, malaki pa ang kaya niyang ibigay. *Challenge feeding* ang tawag dito,” paliwanag ni Delizo.

Tinitiyak naman ng PCC na hindi magiging problema ang *market* dahil bibilhin ng Milka Krem, *product outlet* ng PCC, ang mga gatas na ibebenta nila.

Patotoo si Ka Melchor na mas malaki ang kita sa dalawang beses na paggagatas, ayon kay Delizo.

Kaya naman payo niya sa mga magsasaka, subukan nilang maggagatas ng dalawang beses at huwag silang mag-alala sa pagpayat ng bulo at inahin basta bigyan sila ng tamang pagkain at tamang pag-aalaga.

“Nakasuporta ang Philippine Council for Agriculture, Aquatic, and Natural Resources Research and Development sa ating mga kooperatiba upang maparami pa ang produksiyon ng gatas. Handa silang magbigay ng mga pasilidad para sa *storage* ng gatas,” sabi ni Delizo.

NIZ Balitaan

Inilalathala ng Philippine Carabao Center,
isang ahensiyang nasa ilalim ng Kagawaran ng Agrikultura



Department of Agriculture
PHILIPPINE CARABAO CENTER
CERTIFIED: ISO 9001 | ISO 14001 | OHSAS 18001

Eric P. Palacpac

Patnugot

Ma. Cecilia C. Irang

Tagapamahalang Patnugot

**Ma. Cecilia C. Irang
Mervalyn O. Tomas**

Mga Manunulat

**Clarissa A. Odsique
Micko Roa Dela Cruz**
Mga Nag-ambag ng Artikulo

Khrizie Evert Marcelo-Padre

Layout

Chrissalyn L. Marcelo

Tagapamahala ng Sirkulasyon

Wilma T. del Rosario

Tagapayo

Anselmo S. Roque

Kasangguni

Arnel N. Del Barrio
Pinunong Tagapagpaganap